

CC Brochure Translation
FILIPINO (TAGALOG)

(1T)

Pinadadali ng Creative Commons ang pamamahagi

Anim na lisensya para sa pamamahagi ng iyong gawa

(2T)

Pinapadali ng Internet na mamahagi at bumuo mula sa gawa ng ninuman ngunit pinapahirap minsan ito ng batas.

Tuwing kumukuha ka nang isang larawan, nagtatala ng isang kanta, naglilimbag ng isang artikulo, o naglalagay ang iyong mga orihinal na pagsulat sa Internet, ang gawang ito ay kusang naituturing na "nakareserba ang lahat nang karapatang-ari" sa mata ng batas ng karapatang-ari (copyright).

Sa maraming mga pagkakataon, ito ay nangangahulugan na ang ibang mga tao ay hindi maaaring gumamit o maghalo muli nang iyong gawa nang hindi muna humihingi ng iyong paunang pahintulot.

Ngunit paano kung nais mong ipagamit muli ng iyong gawa?

Kung nais mong bigyan ng karapatan ang ibang mga taong ipamahagi, gamitin, at bumuong muli mula sa gawang iyong nilikha, nilayin mong maglimbag sa ilalim ng isang lisensyang Creative Commons.

Ang isang lisensiyang CC ay nagbibigay-daan sa iyong pagpapasiya kung aling mga karapatan ang nais mong panatilihin. Ito ay malinaw na pagpapaalam sa mga gumagamit ng iyong gawa ng mga alituntunin sa paggamit nito nang hindi muna humihiling sa iyo nang pauna.

(3T)

Ang aming mga lisensya, na madaling gamitin at libre, ay nagbibigay ng napakadali na paraan na umaayon sa iisang pamantayan upang bigyan ang madla nang pahintulot na ipamahagi at gamitin ang iyong malikhaing gawa - sa mga kondisyong iyong nais. Ang mga lisensyang CC ay nagpapahintulot na madali mong baguhin ang iyong mga tuntunin sa karapatang-ari mula sa orihinal na katayuang "nakareserba ang lahat nang karapatang-ari" patungo sa "nakareserba ang ilang karapatang-ari."

Ang lisensyang Creative Commons ay hindi isang panghalili sa karapatang-ari. Sa orihinal na katayuan, ang karapatang-ari ay nagbibigay lamang nang limitadong paggamit ng iyong gawa nang wala ang iyong pahintulot. Binibigyan ka ng pagkakataon ng lisensyang CC na magbigay ng karagdagan pang pahintulot sa madla pati ang pagpapahintulot sa muling paggamit ng iyong gawa ayon sa mga tuntuning pinakaakma sa iyong pangangailangan habang inerereserba nito ang ilang mga karapatan para sa iyong sarili.

Nakipagtulungan kami sa mga dalubhasa ng karapatang-ari sa buong mundo upang matiyak na ang aming mga lisensya ay gumagana sa buong daigdig.

Kung ikaw ay naghahanap ng mga nilalamang maaaring gamitin ng malaya at legal, mayroong yamang pagkamalikhain, na lisensiyadong CC, na maaaring magamit. May mga daan-daang milyong mga gawa — mula sa kanta at mga bidyo pati sa agham at akademikong materyal — na magagamit ng madla nang malaya at legal sa ilalim ng mga tuntunin ng aming mga lisensya, na kung saan ay may higit na nag-aambag araw-araw.

(1B)

Ano ang Creative Commons?

Ang Creative Commons ay isang pandaigdigang samahang hindi nangangalakal na nakatuon sa pagtataguyod ng isang bukas at madaling makuhang Internet na napapagayaman nang malayang kaalaman at malikhaing yaman na magagamit, maisasabahagi, at malilintang ng mga tao sa buong mundo.

Ang aming mga lisensya, na madaling gamitin, ay nagbibigay ng napakadali na paraan na naaayon sa iisang pamantayan upang bigyan ang madla ng pahintulot na ipamahagi at gamitin ang iyong malikhaing gawa - sa mga kondisyong iyong gusto. Ang mga lisensyang CC ay nagpapahintulot na baguhin mo ang iyong mga tuntunin sa karapatang-ari mula sa orihinal na katayuang "nakareserba ang lahat nang karapatang-ari" patungo sa "nakareserba ang ilang karapatang-ari."

Milyun-milyong mga tao ang gumagamit ng mga lisensya ng CC sa ilan sa mga pinakatanyag na kaparaanang pandaigdig na nauukol sa nilalamang binubuo ng mga gumagamit. Sa paggamit mo ng lisensiyang CC upang ibahagi ang iyong mga larawan, bidyo, o mga blog, ang iyong likha ay nasasali sa isang pandaigdigang bakasan ng mga likha na kasama ang gawa ng mga nagsisining, nagtuturo, dalub-agham, at pamahalaan.

Tinalikdan ng Creative Commons ang lahat ng mga karapatang-ari at mga karapatang kaugnay o kalapit sa gabay na ito, gamit ang pagtatalaga sa Pamublikong Dominyo ng CC0.

(2B)

Unang hakbang: Pumili ng mga katangian ng lisensya

Ang paglilimbag sa ilalim ng isang lisensya Creative Commons ay madali. Una, piliin ang mga takda na nais mong ilapat sa iyong gawa.

Pagtangi (Attribution)

Lahat ng mga lisensya ng CC ay nagtatakda sa ibang tao na gumagamit sa iyong gawa na bigyan ka ng pagtangi ayon sa paraang hiniling mo, ngunit hindi sa isang paraan na nagmumungkahi na ika'y sumasang-ayon sa kanila o sa kanilang paggamit. Kung nais nilang gamitin ang iyong gawa nang hindi nagbibigay sa iyo ng pagtangi o para lamang sang-ayunan ito, ang iyong pauunang pahintulot ay kailangan nilang muling makamit.

Hindi pangkalakal (Noncommercial)

Hinahayaan mo ang iba na kopyahin, ibahagi, ipakita, isagawa, at, maliban lamang kung pinili mo ang

NoDerivs, baguhin at gamitin ang iyong gawa para sa anumang layunin maliban sa pagkakalakal, maliban lamang kung makakakuha sila ng iyong paunang pahintulot.

Kahalintulad na pagpapamahagi (ShareAlike)

Hinahayaan mo ang iba na kopyahin, ibahagi, ipakita, isagawa, at baguhin ang iyong gawa, sa kondisyong kinakailangan din nilang ipamahagi ang anumang nabagong gawa sa parehong mga tuntunin. Kung nais nilang ipamahagi ang binagong gawa sa ilalim ng iba pang mga tuntunin, kailangan muna nilang makuha ang iyong paunang pahintulot.

Walang Bagong Gawa (NoDerivs)

Hinahayaan mo lamang ang iba na kopyahin, ibahagi, ipakita, at isagawa sa orihinal na kopya ang iyong mga gawa. Kung nais nilang baguhin ang iyong gawa, kailangan nila munang makuha ang iyong paunang pahintulot.

(3B)

Pangalawang Hakbang: Kumuha ng lisensya

Ayon sa iyong mga napagpilian, ikaw ay makakakuha ng isang lisensya na malinaw na tinutukoy kung paano maaaring gamitin ng ibang tao ang iyong malikhaing gawa.

Attribution

Attribution — ShareAlike

Attribution — NonCommercial

Attribution — NoDerivs

Attribution — NonCommercial — ShareAlike

Attribution — NonCommercial — NoDerivs
